Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON
PANLUNGSOD NA SANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNSOD NG BIÑAN

DEPARTMENT OF EDUCATION
Schools Division of Biñan City
RECORDS SECTION
RECEIVED
JUL 30 2024
By: 10:00

29 Jul 2024

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
Blg. 256, s. 2024

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024**

Sa mga : Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Hepe, Sangay ng Pamumuno at Operasyon ng Paaralan
Hepe, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Pinuno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Panrehiyunal na Memorandum Blg. 505 s.2024 ang Sangay sa Implementasyon ng Kurikulum ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2024** na may temang "FILIPINO: WIKANG MAGPAGLAYA", alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang. 1041 s. 1997, sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad and Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041.
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. Mahikayat and ibat' ibang ahensyang pampamahalaan at pribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mamayang P{ilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

3. Hinihikayat na ang lahat ng Tanggapan at Paaralan ng Panlungsod Na Sangay Ng Mga Paaralan Ng Lungsod Ng Biñan na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa darating na Agosto 2024 sa pamamagitan ng sumusunod:
   a. Pagsusuot ng barong, filipiniana o mga katutubong kasuotan tuwing araw ng Lunes, sa pagtataas ng watawat;
   b. Mungkahing paggamit ng wikang Filipino sa mga ugnayang pulong, programa o gawain;
   c. Pagpapakinig ng awiting Makabayan tuwing 12:00 ng tanghali; at
   d. Pagpapalabas o pagpapanood ng mga dokumentaryo gamit ang ***DepEd 4A FB Page*** hingil sa sumusunod na lingguhang tema sa buwan ng Agosto:
      - **FSL tungo sa Inklusibong Pambansang Kaunlaran:** Pagpapakita ng kahalagahan ng Filipino Sign Language sa pagpapaunlad ng isang inklusibong Lipunan.

- **Sistematikong at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran:** Nagtatampok sa kahalagahan ng siyentipikong pananaliksik sa pambansang kaunlaran.

- **Paggamit ng Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) sa Science Research:** pagpapakita ng paggamit ng tradisyonalna kaalaman at kasanayan sa agham.

- **Paglaban sa Misinformataion (fact checking):** baglalayong labanan ang maling impormasyon at pagsusulong ng tama at wastong datos.

4. Sa hangaring makiisa sa nasabing pagdiriwang, inaanyayahan ang lahat ng kawani ng dibisyon na dumalo at makiisa sa pagbubukas ng Buwan ng Wikang Pambansa sa ika-5 ng Agosto, 2024, pagkatapos ng seremonya ng bandila, sa harapan ng dibisyon.

5. Inaasahan din na ang bawat paaralan ay magkakaroon ng isang buwang Gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Isusumite and isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa ika-6 ng Setyembre, 2024


6. Para sa iba pang detalye at impormasyon maaaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Implementasyon ng Kurikulum sa telepono blg. (049) 547-0105 lokal 116.

7. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**MANUELA S. TOLENTINO, CESO V**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian:

CID/PROPER / RLA / / DM – Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2024
/ 07/29/2024



KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
1991
BAGONG PILIPINAS
BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2024
FILIPINO
Wikang Mapagpalaya
DepED
CSC
DILG
DOST-PCIEERD
NCCA
NATIONAL MUSEUM
PAMBANSANG MUSEO
Cultural Center of the Philippines
KWF.GOV.PH

# CITY SCHOOLS DIVISION OF BIÑAN CITY

## PAGBUBUKAS NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA

I. **Makabayang Awit**

II. **Panalangin**

III. **Pagkilala sa mga Dumalo at Panauhing Pandangal**

IV. **Pamproduksyong Bilang mula sa mga Mag-aaral ng Biñan Integrated National High School**

V. **Bating Panimula**
Arlene S. Ricasata, CESO VI
*Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan*

VI. **Mensahe**
**Manuela S. Tolentino, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

VII. **Natatanging Bilang**

VIII. **Paglalahad ng Programa para sa Buwan ng Wika 2024**
**Raquel L. Azur, EdD**
Superbisor ng Programang Pang Edukasyon-Filipino

IX. **Pampinid na Pananalita**
**Mary Ann L. Tatlongmaria**
*Punong Superbisor Programang Pang Edukasyon*
*Sangay ng Implementasyon Kurikulum*

DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · BUWAN NG WIKA